**Mga Alituntunin sa Application para sa "Vocational Training Course for Long-term Resident Foreign Nationals"**

## 1 Mga taong nasasakop ng training

(1) Ang mga dayuhang residente (kabilang ang mga walang Japanese nationality at mga nakakuha ng Japanese nationality sa paraan ng naturalization) ,o mga refugee mula sa bansang Ukraine na pinahintulutang magtrabaho sa bansang Hapon.

(2) Ang mga taong may tiyak na antas na kasanayan sa salitang Hapon. (Dapat marunong sumulat at magbasa ng Hiragana at Katakana at may kasanayan sa pang-araw-araw na pag-uusap).

(3) Ang mga taong nakarehistro sa Public Employment Security Office bilang isang taong naghahanap ng trabaho; na kinikilala ng pinuno ng Public Employment Security Office bilang isang taong nangagailangan ng training para sa paghahanap ng angkop na trabaho, na naaprubahan ding tumanggap ng instrusyon, rekomendasyon at suporta para sa pagkuha ng training mula sa nasabing pinuno.

(4) Ang mga taong nagnanais makapagtrabaho nang mas maaga (sa loob ng 3 buwan pagkatapos ng training) sa pamamagitan ng pagkuha ng training.

<Mga bagay na kailangan bigyan pansin>

・ Kung kayo ay nakatapos na ng public vocational training course na may kasamang instruksyon, recomendasyon at suporta ng pinuno ng Public Employment Security Office sa loob ng isang taon, hindi na kayo maaaring mag-apply sa vocational training na ito, bilang patakalan.

・Sa loob ng nakaraan isang taon, kung kayo ay huminto na sa "public vocational training course" o "support training for job seekers" nang walang anumang makatwirang dahilan, hindi na kayo maaaring mag-apply sa vocational training na ito, bilang patakalan.

・ Kung kayo ay kwalipikado sa pagtanggap ng employment insurance o tumatanggap na ng benepisyo mula sa nasabing insurance sa kasalukuyan, at pumapasok na sa training alingsunod sa instruksyon ng pinuno ng Public Employment Security Office ay maaari kayong makatanggap ng unemployment benefits (basic allowance, tuition allowance at allowance para sa pamasahe). (Subalit, kailangang matugunan ang ilang mga kondisyon upang makatanggap ng nasabing instruksyon. Para sa mga detalye, mangyaring makipag-ugnayan sa Public Employment Security Office na nakakasakop sa inyong tirahan bago mag-apply sa training).

・ Kahit hindi kayo nakakatanggap ng nasabing instruksyon, kung natutugnan naman ang kinakailangan kondisyon, at kung bininigyan kayo ng instruksyon at suporta mula sa nasabing pinuno ay maaari kayong makatanggap ng vocational training benefits. (Para sa mga detalye, mangyaring makipag-ugayan sa Public Employment Security Office sa na nakakasakop sa inyong tirahan bago mag-apply sa training).

## 2 Panahon ng Aplikasyon

Ika-7 ng Mayo (Huwebes) 2026 hanggang Ika-27 ng Mayo (Miyerkules), 2026

## 3 Paraan ng Aplikasyon

Mngyaring magpakonsulta muna para sa paghahanap ng trabaho sa Public Employment Security Office na nasasakop sa inyong tirahan. At kung maapurubahan ang pangangailangan ng inyong pagkuha ng training para sa paghahanap ng naangkop na trabaho ay mangyaring isumite ang "application for admission" sa pamamagitan ng Public Employment Security Office.

※ Hindi na maaaring kanselahin ang iyong aplikasyon nang walang katanggap tanggap na kadahilanan, kung nakapag-sumite na ng aplikasyon ( hal . nakahanap na ng bagong trabaho).

※ Hindi maaaring mag-apply para sa dalawa o higit pang dalawang kurso.

【※Para sa mga taga-pangasiwa ng Public Employment Security Office na nasa labas ng Aichi pref.; kung may taong nag-sumite ng application dokuments, mangyaring tumawag muna sa Nagoya Vocational Training Insutitute ng Aichi Prefecture】.

## 4 Paraan ng Pagpili

Kinakailangang pumasa sa aptitude test na isasagawa ng vocational training school. Tungkol sa nilalaman ng apptitude test, manyaring basahin ang "Gabay para sa training course". Magkakaroon ng bunutan kung ang bilang ng mga aplikante ay hihigit pa sa bilang ng inaasahang puwesto. Ang mga taong makaka-attend sa training ay pipiliin mula sa mga taong nakapasa sa apptitude test sa pamamagitan ng bunutan.

## 5 Petsa, oras at lugar kung saang isasagawa ang aptitude test

Ika-16 ng Hunyo, 2026 (Martes), 10:00am (Inaasahan petsa at oras)

Ang paalala para sa pagsusulit ay ipapadala sa aplikante sa pamamagitan ng koreo. Mangyaring tumawag sa Nagoya Vocational Training Institute kung sakaling hindi kayo nakatatanggap ng nasabing paalala hanggang sa umaga ng Ika-11 ng Hunyo (Huwebes). (Numero ng Telepono 052-917-6713)

Ang lugar kung saan gaganapin ang pagsusulit ay itatalaga ng paaralan na ipapatupad ng training (Ipapaalam pa sa mga aplikante kung saan).

## 6 Pagpapaalam ng resulta ng pagpili

Ang resulta ay ipapadala sa aplikante sa pamamagitan ng koreo sa Ika-23 ng Hunyo (Martes) , 2026 . Kung sakaling hindi kayo nakatanggap ng resulta hanggang sa Ika-26 ng Hunyo (Biyernes), mangyaring tumawag sa Nagoya Vocational Training Institute.

## 7 Pagbibigay ng Certificate

Ang "Certificate of Completion" ay maibibigay lang sa mga taong nakapag-attend nang mahigit sa 80% sa parehong lektura at practical class, na nakumpirmang nakakuha ng sapat na kakayahan ayon sa resulta ng final test, atbp.

## 8 Mga bagay na dapat bigyang pansin habang kumukuha ng training

Kung kayo ay hindi makaka-attend sa parehong lektura at practical class nang mahigit sa 80% dahil sa paglibang sa klase, puwersahan itigil ang inyong pagdalo sa training dahil hindi na maasahan na kayo ay makapagtapos pa ng training na ito. (Kahit ano ang dahilan ang pagliban sa klase gaya ng pagkakasakit).

Higit pa rito, kung may ginawa kayong anumang hindi magandang kilos at pag-uugali na naka-istrubo o nakapeperwisyo sa ibang taong kumukuha ng training, o kilos at pag-uugali na nakaka-abala sa disiplina ng paaralan, gaya ng hindi pagsunod sa instruksyon ng staff o lecturer, puwerusahan itigil ang inyong pagdalo sa training.

## 9 Mga iba pa

- ✧ Libre ang pagsasanay. Subalit inyong sagaot ang pagbili ng libro atbp.
- ✧ Walang klase tuwing Sabado, Linggo at pampublikong pista opisyal.
- ✧ Kakamustahin namin ang inyong kalagayan ukol sa trabaho sa loob ng unang 3 buwan pagkatapos ng training.
- ✧ Ang inyong mga personal na impormasyon na nakuha namin ay gagamitin lamang para sa mga bagay-bagay na may kinalaman sa pagpapatupad ng training.
- ✧ Maaaring hindi isagawa ang kursong ito kung ang bilang ng mga aplikante ay hindi umabot sa inaasahan bilang ng taong dadalo sa training.